



# HILING NA BAWASAN NG MGA KOSTUMER ANG PAGGAMIT NG TUBIG



Seattle  
Public  
Utilities



## MAPA NG MGA APEKTADONG KOSTUMER AT KOMUNIDAD



Nagkaroon tayo ng hindi pangkaraniwang tuyong tag-araw at hinaharap ang potensyal na kakulangan ng tubig ngayong taglagas. Hinihiling namin sa mga kostumer na boluntaryong bawasan ang kanilang paggamit ng tubig. Makakatulong ito sa pag-abot ng suplay ng tubig sa rehiyon para sa mga tao at isda hanggang sa magkaroon tayo ng sapat na ulan sa taglagas upang mapabuti ang ating suplay.

## Paano Bawasan ang Paggamit ng Tubig

### MGA TAHANAN



- Gawing mas maikli o mas kaunti ang pagligo
- Maligo sa dutsa kaysa sa banyera
- Hugasan lamang kapag puno ang labahan at pinggan
- Suriin at ayusin ang mga pagtagas, lalo na ng mga tumutulong toilet
- Patayin ang gripo habang nagsisipilyo/nag-aahit
- Gamitin nang tama ang tubig at hikayatin ang mga kaibigan at pamilya na gawin din ito

### SA LABAS



- Itigil ang pagdidilig ng mga damuhan
- Okay lang na diligan nang maayos ang mga bagong tanim na damuhan, mga batang halaman at mga puno, at mga hardin ng gulay.
- Diligan ang mga matatag na mga puno, shrub, at perennial minsan sa isang buwan o mas madalang
- lantala ang paghuhugas ng kotse o gumamit ng car wash na nag-recycle ng tubig
- Patayin ang mga water fountain at pampalamuting anyo ng tubig
- lantala ang hindi kinakailangang paghuhugas ng may presyon
- lantala ang pagpuno ng mga pool at hot tub

### MGA NEGOSYO



- Suriin at ayusin ang mga pagtagas, lalo na ng mga tumutulong toilet
- Hikayatin ang mga empleyado na iulat ang mga tagas at gamitin nang tama ang tubig
- Palambutin ang nagyeyelo na pagkain sa refrigerator, hindi sa ilalim ng tumatakbong tubig
- Magbigay lamang ng mga bagong tuwalya kapag hiniling
- Hilingin sa inyong operator ng gusali na i-optimize ang inyong mga cooling system

9/21/2023



Para sa higit pang mga tip sa pagtitipid ng tubig, mga kasangkapan, at mga rebate bisitahin ang:

[SavingWater.org](https://www.SavingWater.org)

SCAN ME

